




Kapag pumunta ka sa mga tindahan para mamili ng grocery o iba pang mga item, i-practice ang pisikal na paglalayo - manatili ng 2 metro (6 feet) ang layo mula sa isat-isa.

Pinapanatili ng maraming mga tindahan ang bagong impormasyon at maingat na binabago ang kanilang paraan ng pag-operate upang maprotektahan ang mga kustomer, empleyado at kanilang mga pamilya.



## Manatili lamang sa bahay kung ikaw ay may sakit

Kung mayroon ka ng mga sintomas ng COVID-19, inirerekomenda namin na ikaw ay matasa o masuri at sundin ang mga tagubilin ng paghihiwalay ng sarili.



## Ikonsidera ang curbside na pickup o delivery

Ang ilang mga tindahan ay nag-aalok ng curbside na pickup at delivery; ikonsidera ang opsyon na ito upang mabawasan ang panganib.



## Magsuot ng damit na mask

- Ang pagsusuot ng damit na mask kapag mahirap ang pisikal na paglalayo ay makakatulong sa mga tao sa paligid mo na magkaroon ng sakit
- Ang ilang mga tao ay hindi ligtas na makapag-suot ng mask (hal mga taong may problema sa respiratoryo). Matutulungan mo sila sa pamamagitan ng pagsusuot ng dami na mask
- Ang mga disposable na mask ay dapat na direktang itapon sa basurahan o sa bago para sa tamang pagtatapon



## Sundin ang mga senyales ng tindahan

Maaaring one-way lang ang mga pasilyo at maaaring mayroon itong mga marking sa sahig. Pakinggan ang mga kawani ng tindahan at sundin ang signage.



## Mamili mag-isa

Mas kaunting mga tao ang nasa tindahan ay mas madaling gawin ang pisikal na paglalayo at mabawasan ang panganib na malantad sa COVID-19. Magpapahintulot din ito sa mga iba pa na mamili ng mas episyente.



## Magkaroon ng detalyadong listahan o plano

- **Mga grocery:** subukang i-organize ang iyong listahan ayon sa pasilyo upang malimita ang oras sa tindahan
- Iwasan ang magtagal sa mga pasilyo hangga't maaari
- Alamin ang kailangan ng patiuna



## Kunin lamang ang kailangan mo

- **Mga grocery:** kumuha ng sapat na mga supply sa loob ng 2 linggo kung sakali ikaw o miyembro ng pamilya ay magkasakit
- **Iba pang mga bagay:** alamin ang kailangang bilhin at pagkatapos ay umalis sa tindahan



## Igala ang iyong mga mata

Iwasang humawak ng mga item na hindi mo kinakailangang bilhin.



## Maging pasenyoso

- Pagkontrol ng bilang ng tao na pinapayagan sa tindahan ng isa-isa ay makakatulong sa pisikal na paglalayo
- Ang ilang mga tindahan ay maaaring isara tuwing makalawang pasilyo upang pahintulutan ang pisikal na paglalaro
- Mangyaring hintayin ang oras mo at sundin ang alituntunin na ibinigay ng tindahan



## Magbayad gamit ang card

Gamitin ang tap kung kayang iwasan ang pagbabayad ng cash upang mabawasan ang mga ibabaw na hinahawakan mo at mabawasan ang mga pagpapalitan ng pera.



## Kalinisan ng Kamay

Kung hindi available ang sabon at tubig, gumamit ng gawa sa alcohol na hand sanitizer matapos umalis sa tindahan.

**At mangyaring patuloy na maging mabait. Sama-sama tayo sa laban na ito!**